
3

# Filipino

## Ikaapat na Markahan – Modyul 9: Pagtukoy sa Mahahalagang Detalye



ALTERNATIVE DELIVERY MODE

ADM

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Flipino– Ikatlong Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Ikaapat na Markahan – Modyul 9: Pagtukoy sa Mahahalagang Detalye**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Irene Cababat, Ritchie Carillo, Marlou G. Samontina, Ramon S. Gravino,Jr.

**Editor:** Ritchie Carillo

**Tagasuri:**

**Tagawasto:** Jeneve P. Nieves, Mylene Robiños, Juvy Comaingking, Thonver R. Sampaga

**Tagaguhit at Tagalapat:** Marlou G. Samontina

**Tagapamahala:** Evelyn R. Fetalvero, Janette G. Veloso, Analiza C. Almazan, Ma. Cielo D. Estrada, Mary Jane M. Mejorada, Cristy C. Epe, Beverly S. Daugdaug, Mary Joy B. Fortun, Imelda T. Cardines, Joan M. Niones

**Inilimbag sa Pilipinas ng** _______________________

**Department of Education – Region XI**

Office Address: F. Torres St., Davao City
Telefax: (082) 291-1665; (082) 221-6147
E-mail Address: region11@deped.gov.ph * lrms.regionxi@deped.gov.ph

3

# Filipino

## Ikaapat na Markahan – Modyul 9: Pagtukoy sa Mahahalagang Detalye

# Paunang Salita

Para sa tagapagdaloy:

Malugod na pagtanggap sa asignaturang Filipino – Ikatlong Baitang ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul para sa araling Pagtukoy sa Mahahalagang Detalye!

Ang modyul na ito ay pinagtulungang dinisenyo, nilinang at sinuri ng mga edukador mula sa pampubliko at pampribadong institusyon upang gabayan ka, ang gurong tagapagdaloy upang matulungang makamit ng mag-aaral ang pamantayang itinakda ng Kurikulum ng K to12 habang kanilang pinanagumpayan ang pansarili, panlipunan at pang-ekonomikong hamon sa pag-aaral.

Ang tulong-aral na ito ay umaasang makauugnay ang mag-aaral sa mapatnubay at malayang pagkatuto na mga gawain ayon sa kanilang kakayahan, bilis at oras. Naglalayon din itong matulungan ang mag-aaral upang makamit ang mga kasanayang pan-21 siglo habang isinasaalang-alang ang kanilang mga pangangailangan at kalagayan.

Bilang karagdagan sa materyal ng pangunahing teksto, makikita ninyo ang kahong ito sa pinakakatawan ng modyul:

*Mga Tala para sa Guro*

Ito'y naglalaman ng mga paalala, panulong o estratehiyang magagamit sa paggabay sa mag-aaral.

Bilang tagapagdaloy, inaasahang bibigyan mo ng paunang kaalaman ang mag-aaral kung paano gamitin ang modyul na ito. Kinakailangan ding subaybayan at itala ang pag-unlad nila habang hinahayaan silang pamahalaan ang kanilang sariling pagkatuto. Bukod dito, inaasahan mula sa iyo na higit pang hikayatin at gabayan ang mag-aaral habang isinasagawa ang mga gawaing nakapaloob sa modyul.

Para sa mag-aaral:

Malugod na pagtanggap sa Filipino – Ikatlong Baitang ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul ukol sa Pagtukoy sa Mahahalagang Detalye!

Ang modyul na ito ay ginawa bilang tugon sa iyong pangangailangan. Layunin nitong matulungan ka sa iyong pag-aaral habang wala ka sa loob ng silid-aralan. Hangad din nitong madulutan ka ng mga makabuluhang oportunidad sa pagkatuto.

Ang modyul na ito ay may mga bahagi at icon na dapat mong maunawaan.

| | |
|---|---|
| *Alamin* | Sa bahaging ito, malalaman mo ang mga dapat mong matutuhan sa modyul. |
| *Subukin* | Sa pagsusulit na ito, makikita natin kung ano na ang kaalaman mo sa aralin ng modyul. Kung nakuha mo ang lahat ng tamang sagot (100%), maaari mong laktawan ang bahaging ito ng modyul. |
| *Balikan* | Ito ay maikling pagsasanay o balik-aral upang matulungan kang maiugnay ang kasalukuyang aralin sa naunang leksyon. |
| *Tuklasin* | Sa bahaging ito, ang bagong aralin ay ipakikilala sa iyo sa maraming paraan tulad ng isang kuwento, awitin, tula, pambukas na suliranin, gawain o isang sitwasyon. |

*Suriin*

Sa seksyong ito, bibigyan ka ng maikling pagtalakay sa aralin. Layunin nitong matulungan kang maunawaan ang bagong konsepto at mga kasanayan.

*Pagyamanin*

Binubuo ito ng mga gawaing para sa mapatnubay at malayang pagsasanay upang mapagtibay ang iyong pang-unawa at mga kasanayan sa paksa. Maaari mong iwasto ang mga sagot mo sa pagsasanay gamit ang susi sa pagwawasto sa huling bahagi ng modyul.

*Isaisip*

Naglalaman ito ng mga katanungan o pupunan ang patlang ng pangungusap o talata upang maproseso kung anong natutuhan mo mula sa aralin.

*Isagawa*

Ito ay naglalaman ng gawaing makatutulong sa iyo upang maisalin ang bagong kaalaman o kasanayan sa tunay na sitwasyon o realidad ng buhay.

*Tayahin*

Ito ay gawain na naglalayong matasa o masukat ang antas ng pagkatuto sa pagkamit ng natutuhang kompetensi.

| | | |
|---|---|---|
| | *Karagdagang Gawain* | Sa bahaging ito, may ibibigay sa iyong panibagong gawain upang pagyamanin ang iyong kaalaman o kasanayan sa natutuhang aralin. |
| | *Susi sa Pagwawasto* | Naglalaman ito ng mga tamang sagot sa lahat ng mga gawain sa modyul. |

Sa katapusan ng modyul na ito, makikita mo rin ang:

| | |
|---|---|
| *Sanggunian* | Ito ang talaan ng lahat ng pinagkuhanan sa paglikha o paglinang ng modyul na ito. |

Ang sumusunod ay mahahalagang paalala sa paggamit ng modyul na ito:

1. Gamitin ang modyul nang may pag-iingat. Huwag lalagyan ng anumang marka o sulat ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.
2. Huwag kalimutang sagutin ang *Subukin* bago lumipat sa iba pang gawaing napapaloob sa modyul.
3. Basahing mabuti ang mga panuto bago gawin ang bawat pagsasanay.
4. Obserbahan ang katapatan at integridad sa pagsasagawa ng mga gawain at sa pagwawasto ng mga kasagutan.
5. Tapusin ang kasalukuyang gawain bago pumunta sa iba pang pagsasanay.
6. Pakibalik ang modyul na ito sa iyong guro o tagapagdaloy kung tapos nang sagutin lahat ng pagsasanay.

Kung sakaling ikaw ay mahirapang sagutin ang mga gawain sa modyul na ito, huwag mag-aalinlangang konsultahin ang inyong guro o tagapagdaloy. Maaari ka rin humingi ng tulong kay nanay o tatay, o sa nakatatanda mong kapatid o sino man sa iyong mga kasama sa bahay na mas nakatatanda sa iyo. Laging itanim sa iyong isipang hindi ka nag-iisa.

Umaasa kami, sa pamamagitan ng modyul na ito, makararanas ka ng makahulugang pagkatuto at makakakuha ka ng malalim na pang-unawa sa kaugnay na mga kompetensi. Kaya mo ito!

# Alamin

Kumusta ka? Binabati kita sa panibagong araw . Ngayon, sisimulan mong matututunan ang pagtukoy sa mahahalagang detalye sa mga paksang iyong maririnig. Mayroon akong inihandang mga gawain para sa iyo.

Sa pagtatapos ng modyul na ito, ikaw ay inaasahang:

- Natutukoy ang mahahalagang detalye kaugnay ng paksang narinig. (F3PN-IVi-16)

# Subukin

Pakinggan ang babasahing anunsyo ng iyong magulang at sagutin ang sumusunod na mga tanong.

Magkakaroon ng pagpupulong ang lahat ng mga magulang ng mababang paaralan ng Ramon Magsaysay Central ukol sa mga pagbabago ngayong pasukan taong 2020-2021. Ito ay gaganapin sa tuwing ika-8 ng umaga, simula Lunes hanggang Linggo, ika-22 hanggang 28 ng Mayo taong 2020.

Sa kabila ng kinakaharap natin ngayong covid-19 pandemya, ang ating mga guro ay buong pusong maglilingkod para sa kinabukasan ng mga mag-aaral. Hindi ito hadlang upang mahinto ang pangarap ng bawat isa.

Ang pagpupulong na ito ay para sa kapakanan ng mga mag-aaral, upang maiwasan ang pisikal o "face-to-face" na pagtuturo. Para masunod ang "social distancing" sa gaganaping pagpupulong, mayroong nakatakdang oras at araw sa bawat baitang.

Ito ang mga sumusunod na iskedyul:

Kinder -Hunyo 22, 2020
Unang Baitang -Hunyo 23, 2020
Ikalawang Baitang -Hunyo 24, 2020
Ikatlong Baitang -Hunyo 25, 2020
Ikaapat na Baitang -Hunyo 26, 2020
Ikalimang Baitang -Hunyo 27, 2020
Ikaanim na Baitang -Hunyo 28, 2020

Lubos na ikasisiya ng paaralan ang inyong pagpunta sa napakaimportanteng mga araw.

Sagutin ang mga tanong at piliin ang wastong sagot. Isulat ang titik sa sagutang papael.




1. Sino-sino ang hinikayat na dumalo sa pagpupulong?
   A. guro
   B. magulang
   C. mag-aaral
   D. punong-guro
2. Saan magaganap ang pagpupulong?
   A. bahay
   B. parke
   C. paaralan
   D. simbahan
3. Bakit agaran ang pagpapatawag sa mga magulang?
   A. tungkol sa pagbabago dahil sa pandemya
   B. dahil malapit ng magsara ang mga paaralan
   C. pagbubunyi dahil sa pandemya na kumakalat ngayon
   D. pagbibigay ng mga asignatura na gagawin sa bahay
4. Alin sa mga salita ang naglalarawan sa mga guro mula sa anunsyo?
   A. may malasakit
   B. masayahing guro
   C. makupad sa gawain
   D. may mahabang pasensya


5. Kailan mangyayari ang pagpupulong sa ikaapat na baitang?
   A. ika-24 ng Hunyo
   B. ika-25 ng Hunyo
   C. ika- 26 ng Hunyo
   D. ika- 27 ng Hunyo
6. Para kaninong kapakanan ang mangyayaring pagpupulong?
   A. mga guro
   B. mga mag-aaral
   C. mga magulang
   D. mga manggagawa
7. Kailan mangyayari ang pagpupulong sa ikalawang baitang?
   A. ika-24 ng Hunyo
   B. ika-25 ng Hunyo
   C. ika- 27 ng Hunyo
   D. ika- 28 ng Hunyo
8. Anong paaralan ang nagpatawag ng pagpupulong?
   A. Digos Central
   B. Pedro Basalan
   C. Don Mariano Marcos
   D. Ramon Magsaysay Central
9. Kailan mangyayari ang pagpupulong sa ikaanim na baitang?
   A. ika-25 ng Hunyo
   B. ika-26 ng Hunyo
   C. ika- 27 ng Hunyo
   D. ika- 28 ng Hunyo
10. Ano ang kinakaharap nating lahat ngayon, hindi lang sa Pilipinas kung hindi pati na rin sa buong mundo?
   A. pandemya ng COVID-19
   B. pandemya ng Malaria
   C. pagbuhos ng yelo mula sa kalangitan
   D. walang klase lahat ng antas sa loob ng dalawang taon


| Aralin 1 | Pagtukoy sa Mahahalagang Detalye |
|---|---|

## Balikan

Sa nakaraang aralin iyong napag-alaman ang pagtukoy sa pagkakatulad at pagkakaiba ng isang pangngalan. Gamit ang *venn diagram,* babasahin ng nakatatandang kapatid ang mga salita na mayroong larawan. Ilagay mo ang mga salita sa wastong hanay ayon sa pagkakapareho at pagkakaiba ng araw at gabi.


| | |
|---|---|
|  paniki |  bulaklak |
|  buwan |  ulan |

| | |
|---|---|
|  ihip ng hangin |  bahaghari |
|  araw |  kidlat |
|  tao |  ulap |



## Tuklasin

Pakinggan ang babasahing teksto ng iyong magulang at sagutin ang sumusunod na mga tanong.



**Ang Palaka sa Hardin**

May palaka!
May palaka sa hardin.
Mataba ang palaka sa hardin.
Nilapitan ito ni Sika.
Biglang tumalon ang palaka!
Tuwang-tuwa si Sika
Habang hinahabol
ang palaka.

1. Nasaan ang palaka?

    ______________________________

2. Anong salita ang naglalarawan sa palaka?

    ______________________________

3. Sino ang nakakita sa palaka?

    ______________________________

4. Ano ang ginawa ni Sika?

    ______________________________

5. Bakit masaya si Sika?

    ______________________________

## Suriin


Bigyang pansin ang mga kasagutan mula sa kuwentong binasa.

Ang bawat sagot ay nagpapakilala sa pagsusuri na iyong ginawa sa napakinggan. Tinutukoy nito ang mga *mahahalagang detalye* mula sa iyong narinig. Ang detalye o impormasyon sa nilalaman ng isang babasahin.

Ang **pagtukoy sa detalye** ay isang pamamaraang na magagamit sa pagsusuri ng mga kuwento, babasahin o iba pang kaugnay na panitikang na iyong binabasa o kaya'y naririnig. Ito ang sumusuporta sa punto ng awtor o may akda sa paksang kaniyang isinusulat o ipinapahayag. Dito masasagot ang mga kaalaman patungkol sa panitikan. Ito ay maaaring sa mga tauhan, lugar na pinangyarihan, suliranin, solusyon, wakas ng kuwento, buod at iba pa.

## Pagyamanin

Pakinggan ang babasahing tula ng iyong kapatid. Lagyan ng tsek (✓) kung ang mga detalyeng ibinigay ay iyong naririnig sa tula at ekis (x) kung hindi.



## "Digong"

Nang ikaw ay nakilala
Buhay ko ay nag-iba
Ikaw ay pinangalanan
Digong ang siyang kinalakihan

Tapat na kaibigan ko
Kaya lahat gusto sa iyo
Masaya na sa pagkaing buto
Handang lumaban para sa iyo

Minsan akala nila ikaw ay kalaban
Sapagkat kung ikaw ay tumahol
Sila ay kinakabahan
Ang hindi nila alam, ikaw ay tagapagtanggol.

Alam mong ikaw ay may karapatan
Ang mga tulad mong aso man
Kaya't ikaw ay aking inalagaan
Sapagkat tapat kang kaibigan

________1. Ang alagang pusa ang pinag-uusapan sa tula.
________2. Masaya ang alagang hayop kapag binibigyan ng buto.
________3. Ang alagang hayop ay kilala sa pangalang "Digong".
________4. Kinaiinisan ng lahat ang alagang hayop.
________5. Tulad ng tao, ang mga hayop ay mayroon ding karapatan.
________6. Kinakabahan ang mga tao, sa bangis ng tahol ng aso.
________ 7. Ang aso ay tagapagtanggol ng tao.
________ 8. Mahigpit na kaaway ng aso ang pusa.
________ 9. Tumatahol ang aso.
________ 10. Malungkot ang buhay kapag walang aso.

## Isaisip

Punan ang patlang para mabuo ang ideya.

Ang ______________________ ay isang istratehiya na magagamit sa pagsusuri ng mga kuwento, babasahin o iba pang kaugnay na panitikan na sumusuporta sa punto ng awtor o may-akda sa paksang binabasa o napakinggan.

Dito masasagot ang mga kaalaman patungkol sa panitikan, sa mga __________, _____________, _____________, solusyon, wakas ng kuwento, buod at iba pa.

## Isagawa

### Gawain A

Makinig sa balita na babasahin ng nakatatanda sa bahay. Tukuyin ang wastong detalye mula sa balita. Piliin ang angkop na letra sa sagot at isulat sa kuwaderno.



## Bagyong Pukot Patuloy sa Pananalasa

Humagupit ang bagyo sa Mindanao at ilang bahagi ng Visayas simula pa noong nakaraang gabi. Bahagyang nabawasan ang lakas ng bagyong Pukot matapos ang ikaanim nitong landfall ngayong umaga.

Taglay pa rin ng bagyo ang lakas ng hanging aabot sa 130 kilometro bawat oras at pabugsong aabot sa 170 kilometro bawat oras. Kaya inilagay na sa Storm Signal No. 3 ang buong Mindanao.

Itinaas na rin sa signal number 2 sa ilang lugar ng Visayas dahil sa bagyong Pukot, ayon sa **state weather bureau** na **Philippine Atmospheric, Geophysical and Astronomical Services Administration** (PAGASA). Magdudulot rin umano ito ng katamtaman hanggang malakas na ulan sa Bicol Region, Romblon, Marinduque, at Southern Quezon.

Binabalaan ng PAGASA ang mga residente na maging alerto sa **strom surge**, pagbaha at **landslides**. Maging ang anomang uri ng sasakyang pandagat ay ipinagbabawal ang pagbiyahe. Pagsapit ng Linggo ay inaasahang lalabas ng **Philippine Area of Responsibility** (PAR) ang bagyong Pukot.

1. Ano ang pangalan ng bagyo sa Pilipinas, mula sa seleksiyon sa itaas?
   A. PAGASA
   B. Pablo
   C. Pukot
   D. Petra

2. Saang lugar higit na humagupit ang bagyo?
   A. Buong Pilipinas
   B. Luzon at Visayas
   C. Mindanao at Luzon
   D. Mindanao at Visayas

3. Anong Storm Signal No. ang Mindanao?
   A. 1
   B. 2
   C. 3
   D. 4

4. Kailan inaasahang lumabas ng Philippine Area of Responsibility **(PAR)** ang bagyong Pukot?
   A. Lunes
   B. Martes
   C. Sabado
   D. Linggo

5. Anong ahensiya ang responsable sa pagbibigay impormasyon tungkol sa ulat panahon?
   A. DOH
   B. WHO
   C. DSWD
   D. PAGASA

6. Anong babala ang ibinigay ng **PAGASA** sa mga tao?
   A. maging alerto sa strom surge, pagbaha at landslides
   B. magligpit ng gamit at umakyat sa mataas na lugar upang iwas sa disgrasya
   C. manatili lamang sa loob ng bahay at hanggat maari ay huwang nang lumabas
   D. Magtungo agad sa evacuation center kahit paman walang abiso mula sa lokal na pamahalaan

7. Anong Storm Signal No. ang ilang bahagi ng Visayas?
   A. 1
   B. 2
   C. 3
   D. 4

8. Ibigay ang kahulugan ng **PAGASA**?

A. Philippine Atmospheric, Geophysics and Astronomical Services Administration

B. Philippine Atmospheric, Geophysical and Astronomy Services Administration

C. Philippine Atmospheric, Geophysical and Astronomical Services Administration

D. Philippine Atmosphere, Geophysical and Astronomical Services Administration

9. Gaano kalakas ang hagupit ng hangin ni bagyong Pukot?

A. aabot sa 130 kilometro at pabugsong aabot sa 170 kilometro bawat oras.

B. aabot sa 120 kilometro at pabugsong aabot sa 170 kilometro bawat oras.

C. aabot sa 130 kilometro at pabugsong aabot sa 180 kilometro bawat oras.

D. aabot sa 120 kilometro at pabugsong aabot sa 190 kilometro bawat oras.

10. Pang ilang landfall ni Bagyong Pukot bago nabawasan ang lakas nito?

A. pang-apat na landfall

B. panglimang landfall

C. pang-anim na landfall

D. pangpitong landfall

## Gawain B

Pakinggan ang kuwentong babasahin ng iyong kapatid. Sagutin ang mga sumusunod na tanong pagkatapos.

### Ang Panaginip ni Lansoy

Si Lansoy ay batang mahilig sa mga laruang sasakyan. Iba-iba ang kaniyang koleksiyon. Kasama sa kaniyang laruan ang tren, trak, eroplano, dyip, bisekleta at iba pang maliliit na laruan.

Ngunit mayroong hindi magandang pag-uugali itong si Lansoy. Pagkatapos niyang maglaro sa kaniyang mga laruang sasakyan, hindi niya itinatabi at inaayos ang mga ito. Iniiwan niya itong nagkalat sa sahig. Ang kaniyang nakatatandang kapatid ang nag-aayos ng kaniyang mga kalat.

Isang araw habang nanonood si Lansoy ng palabas sa telebisyon, naiwan naman ang kaniyang mga laruang sasakyan sa sahig. Nagulat siya nang isa-isang nagsalita ang mga ito.



"Aalis na ako sa bahay na ito. Hinahayaan ni Lansoy na magkahiwa-hiwalay kaming magkakapatid na bagon," sambit ni Tren.

Sabi naman ni trak, "Ako nga e, natunaw tuloy ang mga gulong ko nang hinagis niya ako sa may basurahan sa labas, nang biglang nagsunog ng mga tuyong dahon si inay!"

"Ako nga eh, hindi na makalipad. Naputol ang aking pakpak dahil naipit sa pinto," sabi ni eroplano.

"Aba, kung aalis kayong tatlo, sasama na rin kaming lahat," sabay-sabay na sambit ng mga laruang sasakyan.

Biglang humagulhol sa iyak si Lansoy. "Parang awa niyo na, huwag kayong umalis. Simula ngayon magbabago na ako. Hindi ko na kayo iiwanan kahit saan. Ililigpit ko na kayo at ilalagay sa tamang lalagyan pagkatapos maglaro. Malulungkot ako kung wala kayo."

Tumayo si Lansoy papunta sa kaniyang mga laruang sasakyan. Nang biglang nahulog siya sa kama. Nagising si Lansoy at agad hinanap ang mga laruan at iniligpit nang maayos. Buti na lang panaginip lang pala.

Sagutin ang mga tanong:

1. Sino ang pangunahing tauhan sa kuwento?

   ___________________________________________

2. Anong bagay ang kaniyang kinahihiligan?

   ___________________________________________

3. Anong pag-uugali mayroon si Lansoy?

   _________________________________________

4. Bakit siya gustong iwan ng kaniyang mga laruan?

   ___________________________________________

5. Kung ikaw ay maraming laruan tulad ni Lansoy, ano

   ang iyong gagawin at bakit?

   ___________________________________________

# Tayahin

Magaling! Ipagpatuloy mo pa ang iyong nasimulan. Sagutin mo ang pagsusulit na ito upang mahasa ka pa lalo sa pagtukoy ng mga detalye. Makinig sa Liham Paanyaya na babasahin ng iyong magulang.

Luna Superhighway, Digos City
Ika-8 ng Hunyo, 2020

Mahal kong Noel,

Sa Lunes, Ika-15 ng Hunyo, 2020 ay ika-50 kaarawan ni Inay. Bibigyan namin siya ng sorpresang salusalo. Gagawin ito sa Nakayama Function Hall, Digos City. Idaraos ang kasayahan sa ganap na ika-4 ng hapon.

Inaanyayahan kita at ang iyong mga magulang. Sana ay dumalo kayo.

Hihintayin namin kayo kaibigan.

Ang iyong kaibigan,
Lance

1. Anong uri ng liham pangkaibigan ang ipinadala kay Noel?

____________________________________

2. Sino ang magdaraos ng kaarawan?

____________________________________

3. Kailan gaganapin ang pagdiriwang ng kaarawan ng inay ni Lance?

____________________________________

4. Para kanino ang liham?

____________________________________

5. Saan idaraos ang nalalapit na kaarawan?

____________________________________

# Karagdagang Gawain

Makinig ng balita tungkol sa ulat panahon sa radyo. Gamit ang impormasyon o datos. Subukang itala ang mga mahahalagang detalye mula sa napakinggang balita.

Itala ang kasagutan sa kuwarderno.

# Susi sa Pagwawasto

**Tayahin**

1. Liham Paanyaya
2. Nanay ni Noel
3. Ika-15 ng Hunyo
4. Lance
5. Nakayama Function Hall

**Tuklasin**

1. Hardin
2. Mataba
3. Sika
4. Nilapitan ang palaka
5. Habang hinahabol ang palaka

**Isagawa. Gawain II**

1. Lansoy
2. Laruang sasakyan
3. Hindi marunong magligpit ng gamit
4. Walang pakialam sa mga ito
5. Papahalagahan ko ang mga laruang meron ako

**Isagawa Gawain I**

1. C
2. D
3. C
4. D
5. D
6. A
7. B
8. C
9. A
10. C

**Pagyamanin**

1. X
2. /
3. /
4. X
5. /
6. /
7. /
8. X
9. /
10. x

**Balikan**

**Araw**
Bahaghari
Araw

**Gabi**
Paniki

**Pareho**
Bulaklak
Buwan
Ulan
Hangin
Kidlat
Ulap
Tao

**Subukin**

1. B
2. A
3. A
4. C
5. C
6. B
7. A
8. B
9. D
10. A

# *Sanggunian*

Lalunio, L., F. Ril, and P. Villafuerte. 2007. Hiyas Sa Pagbasa. Quezon City: LG&M Corporation.

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph